



MAGHANDA NA PARA GAMITIN ANG PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON HABANG PANAHON NG WINTER (TAGLAMIG)



Manood ng mga balita sa lagay ng panahon para sa posibleng nagyeyelo o ubod ng lamig na temperatura at snow. Ang mga patnubay na ito ay makakatulong sa iyong makapaghandanda bago ang nagyeyelong lamig at snow.

Alamin Bago Ka Umalis

- Bago pa man dumating ang panahon ng taglamig, gumawa ng plano at isang back-up (alternatibo) na plano sa paggamit ng pampublikong transportasyon kapag lumala ang kondisyon sa pagbiyahe. Tingnan ang mga website ng iba't ibang ahensya ng transportasyon na ginagamit mo para makakuha ng impormasyon ukol sa pagbiyahe sa taglamig.
- Tingnan ang mga kondisyon ng lagay ng panahon at kalagayan ng mga daanan bago ka umalis. Kung mabagal ang daloy ng trapiko sa mga lugar kung saan mo balak bumiyaha, sa gayon ay mahuhuli rin ang transit.
- Tingnan online ang katayuan ng mga serbisyo ng tren, bus o ferry ayon sa naaangkop na ahensya.
- Alamin ang snow routing (direksiyon) para sa mga sistema (ng transportasyon) at ruta na iyong ginagamit; alamin na ang ilang mga lokasyon ay maaaring hindi malingkuran habang may snow o nagyeyelong panahon.
- Sumuskribi (subscribe) sa mga alerto na inihahandog ng iba't ibang mga ahensya ng transit na iyong ginagamit, o maaaring nais gamitin habang panahon ng winter.
- At, sumuskribi (subscribe) sa lokal at rehiyonal na abiso ng alerto kung may emergency.
- Magkaroon ng kaalaman sa mga patakaran ng iyong pinagtatrabahuan tungkol sa pagpasok sa trabaho kapag may emerhensiya, at kapag limitado ang mga serbisyo ng transportasyon.
- Kung plano mo mag-telecommute (magtrabaho mula sa bahay gamit ang telepono at iba pa), paunang subukan ang iyong hardware at software at magtabi ng mga charger at dagdag na baterya bilang reserba.

Paano Ihanda ang Iyong Sarili

- Bigyan ang iyong sarili ng mas maraming oras para makapagbiyahe sa bus, tren o ferry. Ang panahon ng winter ay maaaring makagambala sa mga schedule at ruta. At, ang mas maraming sumasakay kapag hindi maganda ang lagay ng panahon ay maaaring magresulta sa mga punong sakay.
- Maghanda para sa mas matagal kaysa sa karaniwan na paghihintay sa telepono para sa customer information service.
- Magpunta sa mga boarding area o "sakayan" sa mga pangunahing sentro ng transportasyon. Para sa serbisyo ng bus, magpunta sa mga hintayan sa mga pangunahing daan o sa mga pangunahing transfer point (paglilipatan ng sasakyan) tulad ng mga park-and-ride na lote, mga transit center (sakayan na lugar), o mga shopping centers (tindahan o pamilihan).
- Magsuot ng makapal na suotin para sa paglalakad papunta sa mga himpilan ng bus, mga istasyon ng tren, at mga daungan ng ferry. Siguraduhin na may suot na angkop na sapatos ayon sa panahon. Maaaring kailangan mong maghintay sa labas ng mas matagal kaysa sa karaniwan.
- Mag-empake at magdala ng dagdag na maiinom na tubig, hindi napapanis na pagkain, maliit na first aid kit (pangunang lunas na mga gamit), mga gamot, maliit na plaslayt na may dagdag na baterya at sipol (para pang-senyas ng tulong) sa kaganapan ng isang emerhensiya.
- Ang mga sumasakay sa bus ay dapat maghintay sa mga himpilan ng bus sa itaas o ibaba ng mga bundukin, dahil ang mga bus ay madalas na hindi makakahinto para magpasakay ng mga pasahero sa mga pataas o matirik na daan.
- Alamin na ang mga bus tracking program (programa ng pagsusubaybay sa bus) ay hindi nagiging wasto sa oras kapag iniiba ang mga ruta ng bus o lubos na nahuhuli sa biyahe, kaya't maaaring hindi maaasahan ang iyong mga paboritong smartphone apps sa panahon na ito.
- Panatilihin ganap na may charge (baterya) ang iyong mga contact device (mga cellphone, smartphone, laptop, tablet) bago lumabas ng matagal na panahon. Para masiguro ang backup (alternatibo), magdala ng mga charger para sa iyong mga contact device.